
ES Kabuuang Buod

ES.1 Panimula

Nagbibigay ang kabanatang ito ng buod ng Draft na Ulat ng Epekto sa Kapaligiran (Environmental Impact Report, EIR) na inihanda para sa Tidelands Avenue Electric Truck Hub Project (iminumungkahing proyekto o proyekto) bilang pagsunod sa Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California (California Environmental Quality Act, CEQA). Ang San Diego Unified Port District (District) ay ang namumunong ahensya ng CEQA para sa EIR at, dahil doon, ay mayroong pangunahing responsibilidad para sa pagsusuri ng mga epekto sa kapaligiran ng iminumungkahing proyekto at pagsasaalang-alang kung aaprubahan ang iminumungkahing proyekto sa kabila ng mga epektong ito.

Gaya ng hinihiling ng CEQA, ang Draft na EIR na ito ay: (1) inilalarawan ang iminumungkahing proyekto, kasama ang lokasyon nito, mga layunin, at mga feature; (2) inilalarawan ang mga umiiral na kondisyon sa lugar ng proyekto at kalapit na mga kapaligiran; (3) sinusuri ang direkta, hindi direkta, at naipon na hindi magandang mga epekto na mangyayari sa mga umiiral na kondisyon kung ipapatupad ang iminumungkahing proyekto; (4) tinutukoy ang magagawang mga paraan ng pag-iwas o pagbawas nang malaki sa maraming hindi magandang epekto ng iminumungkahing proyekto; (5) nagbibigay ng pagtukoy sa kahalagahan ng bawat epekto pagkatapos magsama ng pagbawas nito; at (6) sinusuri ang makatwirang hanay ng mga posibleng alternatibo sa iminumungkahing proyekto na matutugunan ang mga pangunahing layunin ng proyekto at babawasan ang malaking epekto na may kaugnayan sa proyekto. Bilang pagsunod sa CEQA, sinuri ng EIR ang mga posibleng epekto at mga hakbang sa pagbawas nito; gayunpaman, nagpasya ang pagsusuri na walang mangyayaring mga epekto, at walang kailangang pagbawas nito.

Sakop ng Kabuuang Buod na ito ang mga sumusunod na paksa: (1) Paglalarawan ng Proyekto; (2) Mga Bahaging May Batid na Kontrobersya/Mga Isyu na Ipinaabot ng Mga Ahensiya at ng Publiko; (3) Mga Isyu na Dapat Lutasin, kasama ang malaking mga epekto sa kapaligiran at ang pagsasaalang-alang ng mga alternatibo sa iminumungkahing proyekto; (4) Buod ng Mga Alternatibo sa Proyekto; at (5) ang Alternatibo na May Pinaka-kaunting Epekto sa Kapaligiran. Available ang Draft na EIR na ito at ang mga appendix nito para suriin sa website ng Distrito sa <https://www.portofsandiego.org/public-records/port-updates/notices-disclosures/ceqa-documents>. Bilang karagdagan, available ang papel na kopya para suriin ng publiko sa mga oras ng negosyo ng Distrito sa Port Administration Building na matatagpuan sa 3165 Pacific Highway, San Diego, California 92101, sa National City Public Library na matatagpuan sa 1401 National City Boulevard, National City, CA 91950, at ang Logan Heights Library sa 567 S 28th St., San Diego, CA 92113.

ES.2 Paglalarawan ng Proyekto

ES.2.1 Kabuuang-ideya

Ang Skychargers LLC (Applicant) ay ang tagapagtaguyod ng proyekto na pinili ng lupon ng Port kasunod ng walang kinikilingang pampublikong proseso na kinabilangan ng mga pagsasaalang-alang para sa lokasyon, laki at mga kasama sa mungkahi. Ang proyekto ay binubuo ng mga sumusunod na bahagi: (1) mga stall sa pag-charge at pagpaparada ng truck na sasakyan na zero ang emisyon (zero-emissions vehicle, ZEV), (2) photovoltaic (PV) na canopy, (3) sistema ng imbakan ng enerhiya mula sa baterya (battery energy storage system, BESS), (4) convenience store, at (5) mga pagsasaayos ng imprastruktura. Nilalayon ng iminumungkahing proyekto na

paglingkuran ang mga electric truck na madalas bumisita at maglingkod sa kalapit na mga terminal na pandagat at iba pang may kaugnayang pasilidad ng imbakan sa lugar.

Magkakaroon ng kabuuang 70 stall sa pag-charge ang iminumungkahing proyekto. Magiging available ang lahat ng 70 stall sa pag-charge para sabay-sabay na i-charge ang mga truck. Hanggang 30 truck ang inaasahang gagamit ng site sa inisyal na taon ng pag-operate bilang bahagi ng programang Trucking bilang Serbisyo (Trucking as a Service, TaaS), na isang serbisyo kung saan maniningil ng karaniwang buwanang fee at bilang kapalit, makakakuha ang truck operator ng ganap na na-charge at na-maintain na truck para pumunta sa trabaho. Ang programa ay maaaring may kasama ring opsyon na magmay-ari ng ZEV truck ang mga truck operator sa pagtatapos ng pag-upa. Dahan-dahan, 16 na karagdagang truck ang maaaring idagdag sa programa sa susunod na 3 hanggang 5 taon. Dagdag pa rito, magkakaroon ng imprastruktura para sa pag-charge ng ZEV truck sa site para suportahan ang mga transportasyon at kagamitan na mula sa gobyerno, mga lokal na negosyo na mayroong mga truck fleet, at mga pampasaherong sasakyan, na umaasa sa available na kapasidad, na bibigyan ng prayoridad ang mga ZEV truck na naglilingkod sa Distrito. Bilang bahagi ng programang TaaS, ang mga kalahok na operator ay maaaring may nakatalaga at nakalaan na mga stall para sa paradahan/pag-charge, at bibigyan ng prayoridad ang mga kalahok na truck na naglilingkod sa isa sa dalawang marine cargo terminal kaysa sa lahat ng iba pang sasakyan para sa mga stall sa pag-charge. Lalagyan ng mga gate ang site na maaaring gamitin para sa access control kung kinakailangan para ipatupad ang prayoridad ng paggamit.

ES.2.2 Lokasyon ng Proyekto at Umiiral na Setting

Kasama sa site ng proyekto ang humigit-kumulang na 4.8-acre ng inuupahang lugar sa humigit-kumulang na 8.2-acre parcel, na isang umiiral na site na sementado at matatagpuan sa 1640 Tidelands Avenue (Parcel Number ng Assessor 760-044-51-00) sa Lungsod ng National City sa San Diego County, California. Ang National City ay humigit-kumulang 5 milya timog ng downtown San Diego, sa San Diego Bay, at humigit-kumulang 10 milya hilaga ng border ng U.S.-Mexico. Ang National City ay border ng Lungsod ng San Diego sa timog at silangan, sa timog ang Lungsod ng Chula Vista, ang mga kasamang lugar ng Lincoln Acres at Bonita sa timog at timog-silangan, at sa kanluran ang San Diego Bay.

Ang site ng proyekto ay nasa timog ng gusali ng Port Operations Center ng Distrito (dating kilala bilang gusali ng General Services ng Port), na matatagpuan sa 1400 Tidelands Avenue sa National City. Ang site ay may hangganan sa silangan ng Tidelands Avenue, sa timog ng West 19th Street, at sa kanluran ng U.S Naval Base San Diego, Gate 13, ang isa sa mga access gate ng U.S. Naval Base, ay nasa kanluran ng West 19th Street.

Ang site ay nasa National City Bayfront: Planning District 5 ng Port Master Plan, subarea Northern Industrial, at napapaligiran para sa May Kaugnayanan sa Industrial, Maritime. Kasama sa pinapahintulatang paggamit ang manufacturing, storage, mga pasilidad sa transportasyon tulad ng proyekto, at distribution. Napapailalim ang proyekto sa hindi pwedeng iapela na Coastal Development Permi mula sa Distrito.

Kasalukuyang ginagawa ang site ng proyekto na may paradahan bilang roll-on/roll-off yard at pasilidad para sa imabakan ng chassis (paradahan) para sa Pasha Automotive Services. Walang mga istruktura sa site. Sementado ang site na may aspalto, na may ilang landscape na puno sa silangang border ng site, at binakuran ang buong perimeter nito.

Mayroong dalawang itinalagang ruta ng truck: isang ruta ng truck ay nagpapatuloy sa Harbor Drive, pagkatapos ay kumokonekta sa mga katabing freeway I-5 at I-15 sa pamamagitan ng 28th o 32nd Street sa Lungsod ng San Diego o 8th Street sa Lungsod ng National City, at ang ibang ruta ng truck ay nagpapatuloy sa Tidelands Avenue sa pagitan

ng 24th Street at Civic Center. Ang ruta ng truck sa Harbor Drive ay ang right-of-way (ROW) na kontrolado ng Lungsod ng San Diego at ang ruta ng truck sa Tidelands Avenue ay isang ROW na kontrolado ng Lungsod ng National City. Ang pagpapatupad ng mga Ruta ng Truck ay nasa sakop ng responsibilidad ng Lungsod ng San Diego at National City, ayon sa pagkakabanggit, dahil matatagpuan ang mga ito sa ROW kung saan walang direktang awtoridad sa pagpapatupad ang Distrito.

ES.2.3 Mga Layunin ng Proyekto

Ang mga layunin ng iminungkahing proyekto ay ang mga sumusunod:

1. Mag-ambag sa pagkamit ng layunin ng Distrito na gawing kapana-panabik ang mga maritime operation ng Distrito, lalo na ang paglipat ng mga produkto sa pamamagitan ng mga truck na heavy-duty.
2. Pangasiwaan ang pagsunod sa pangmatagalang mga emission goal ng distrito para sa mga maritime operation.
3. Bawasan ang mga criteria pollution emission at pagandahin ang kalidad ng hangin at mga benepisyo sa kalusugan sa Portside Community at greater San Diego Air Basin.
4. Gumawa ng charging hub para sa truck gamit ang mga magandang kasanayan ng industriya para sa kaligtasan, kasama ang first-move-forward at pull-through na mga lugar ng paradahan.
5. Magbigay ng pagkakataon na mamuhay nang malusog sa pamamagitan ng decarbonization at pagpapababa ng polusyon sa mga zone at komunidad na hindi maganda ang kalidad ng hangin.
6. Suportahan ang pangmatagalang layunin ng Maritime Clean Air Strategy (MCAS) na makamit ang 100% ZEV heavy-duty na pagbibiyaheng trak sa 2030 sa mga marine cargo terminal at advance MCAS Truck Goal 2, kung saan nakatuon sa pangangasiwa ng pag-deploy ng infrastructure para suportahan ang transition sa mga ZEV trak.
7. Magbigay ng laki at scale na nakakakuha ng nakakatipid sa paggawa at abot-kaya, sustainable na pinagmumulan ng enerhiya para sa mga operator.
8. Gumawa at mag-imbak ng zero carbon electricity sa site para dagdagan ang utility power at babaan ang carbon intensity ng energy na ibinibigay sa site.
9. Unahin ang access sa charging infrastructure para sa mga ZEV truck operator na binibisita ang isa sa mga marine cargo terminal ng Distrito at i-maximize ang paggamit ng charging.
10. Magbigay ng small-fleet at hiwalay na mga ZEV truck operator na may ligtas, mabilis, at maaasahang charging facility na malapit sa mga maritime cargo terminal.
11. Suportahan ang hindi pagbabago ng Distrito sa California Sustainable Freight Action Plan.
12. Gamitin ang ibinigay na grant funding at matugunan ang mga nasa kontrata para gumawa ng 70 ZEV truck na mga charging stall sa mabilis na paraan.

ES.3 Mga Bahagi ng Alam na Kontrobersya/Mga Isyu na Binanggit ng Mga Ahensiya at Publiko

Alinsunod sa CEQA Seksyong 15123(b)(2), ang EIR ay dapat tukuyin ang mga bahagi ng kontrobersya na alam ng lead agency, kasama ang mga isyu na binanggit ng mga ahensiya, at mga isyu na lulutasin. Nagpasa ang Distrito ng Notice of Preparation (NOP) para humingi ng mga komento sa ahensiya at publiko sa saklaw at nilalaman ng EIR. Ginawang available ang NOP para sa minimum na 30-araw na pagsusuri ng publiko na nagsimula noong Miyerkules Hunyo 18, 2025, at nagtapos noong Lunes Hulyo 21, 2025. Ginanap ang dalawang public scoping na

pagpupulong para humingi ng mga komento sa saklaw ng iminungkahing EIR. Ang unang pagpupulong ay ginanap nang sa personal nang 6:00 p.m. noong Martes, Hunyo 24, 2025, sa community room sa National City Public Library. Ang pangalawang pagpupulong ay virtual na public scoping na pagpupulong na ginanao nang 6:00 p.m. noong Miyerkules, Hunyo 25, 2025.

Natanggap ang kabuuang walong sulat na may komento sa panahon ng pagsusuri ng publiko ng NOP. Ang mga binanggit na isyu ng mga ahensiya at ng publiko ay tungkol sa kalidad ng hangin, enerhiya, mga panganib at mga mapanganib na materyales, ingay, transportasyon, mga tribal cultural resource, at mga alternatibo. Ang natanggap ng buod ng lahat ng komento ay isinama sa Table 1-2 ng Kabanata 1, Panimula, at ang mga sulat na may komento ng NOP ay isinama sa Appendix B ng EIR na ito.

ES.3.1 Buod ng Binanggit na Mga Isyu sa Inter-related Environmental

Karamihan sa mga binanggit na isyu sa kapaligiran ay mga alalahanin sa kaligtasan ng panganib sa sunog at kaugnay na emission ng usok/nasusunog. Ito ay inter-related sa maraming paksa sa istraktura ng dokumentong ito (at CEQA na mas malawak). Sa pagsusumikap na tulongan ang publiko na mahanap ang mga isyung iyon sa EIR na ito at maunawaan kung paano natugunan ang mga ito, binubuo ng seksyong ito ang mga inter-related na mga isyu na ito at ginagabayan ang mga mambabasa sa mga seksyon ng EIR na ito kung makikita nila ang mga detalyadong analysis.

Mga isyu na kaugnay sa mga emission ng kalidad ng hangin na maaaring ilabas kung sakaling may sunog sa pasilidad ay tinalakay sa Seksyon 3.1, Kalidad ng Hangin. Tinutugunan na analysis ang mga emission mula sa sunog sa lithium-ion technology na mga baterya na maaaring sanhi ng hindi nakokontrol na pagtaas ng temperatura (phenomenon of thermal runaway), kung saan sumobra ang init ng system sa puntong umapoy ito. Sa mga normal na operation, walang nakakalason na emission ng hangin mula sa proyekto. Ang BESS ay mayroong (1) mga system sa pag-monitor at pagkontrol, (2) mga system sa pagtukoy at proteksyon sa sunog, at (3) mga gas ventilation system, bukod sa iba pa, para ipigillan, i-monitor, at/o kontrolin ang anumang pagkasira ng battery cell. Nagsagawa ng dispersion modeling analysis para ma-assess ang mga epekto ng panganib sa kalusugan ng mga emission sa panahon ng sunog na sanhi ng thermal runaway event at kung saan ang mga nasabing emission ay maglalakbay batay sa karaniwang mga pattern ng hangin. Ang mga epekto na kaugnay sa kalidad ng hangin Para sa higit pang detalye, tingnan ang Seksyon 3.1.4.3 ng EIR na ito.

Mga isyu na kaugnay sa mga mapanganib at mapanganib na materyales, kasama ang mga panganib mula sa thermal runaway event at electric truck fire event, ay tinalakay sa Seksyon 3.3, Mga Panganib at Mga Mapanganib na Materyales. Ang iminungkahing BESS na pasilidad ay gagamit ng mga lithium-ion na baterya, na naglalaman ng nasusunog at corrosive liquid na mga materyales. Gaya nang tinalakay sa Seksyon 3.1, Kalidad ng Hangin, posibleng nagresulta ang therm runaway event sa sunog at kasunod na pagsunod ay maglalabas ng mga emission. Ang iminungkahing project BESS system ay idinisenyo para pigilan ang mga nasabing sunog sa isang battery module. Ilalagay ang mga baterya sa isang enclosure at itinago ayon sa mga detalye na sinusunod abng naaangkop na federal, Estado, at mga lokal na kinakailangan, kasama ang naaangkop na bentilasyon, mga acid resistant na materyales, at pagkakaroon ng mga supply para sa pagtugon sa spill. Ang BESS enclosure ay lalagyan ng heating, bentilasyon, at air conditioning (HVAC) na mga system para sa thermal na pamamahala ng mga baterya. Ang mga enclosure na ginamit para iimbak ang mga mapanganib na materyales ay regular na iinspeksyunin para sa anumang palatandaan ng pagkasira o pagtagas. Dahil sa mga feature na engineered safety ng BESS, ang mga resulta ng hazardous consequence analysis, at ang pagpapatupad ng site-specific Hazard Mitigation Analysis (HMA)

(Appendix D4) at Emergency Response Plan (ERP) (Appendix D5), ang potensyal para sa upset o mga kondisyon sa aksidente kabilang ang mapapanganib na materyales sa panahon ng project operation ay binawasan. Para sa higit pang detalye, tingnan ang Seksyon 3.3.4.3 ng EIR na ito.

Ang mga isyu na kaugnay sa mga alternatibo ng proyekto, kasama ang alternatibong lokasyon o alternatibo ng battery technology, ay tinalakay sa Kabanata 6, Mga Alternatibo. Gaya ng binuod sa ibaba sa Seksyon ES.4, ang mga alternatibong na-analyze nang detalyado sa Kabanata 6 kasama ang No Project Alternative, ang No Interim Generator Alternative, at ang Alternate Location Alternative.

Bilang tugon sa mga komento ng public scoping na nagpapahayag ng alalahanin tungkol sa mga manganib sa sunog ng lithium battery, pinag-iisipan ng BESS Technology Alternative ang paggamit ng ibang mga battery technology tulad ng iron flow o zinc-based na mga baterya. Ang mga technology na ito, na ibinibigay ng mga domestic manufacturer tulad ng ESS Tech (Iron Flow) and EOS Energy Enterprises (Zinc), ay itinuturing mayroong pinahusay na thermal stability at nabawang flammability kumpara sa mga conventional lithium-based system. Gayunpaman, walang matagumpay na track record ng pag-install at operation para sa mga technology na ito, mas mahal ang mga ito para gumawa at magpanatili at mangangailangan ng karagdagang espasyo. Dagdag pa, aalisin ng No Interim Generator Alternative ang mga maiikling emission kaugnay sa paggamit ng interim diesel generator, na babawasan ang tindi ng mga epekto kaugnay sa kalidad ng hangin, enerhiya, mga panganib at mga mapanganib na materyales, at ingay. Para sa higit pang detalye, tingnan ang Kabanata 6 ng EIR na ito.

ES.4 Mga Isyu na Lulutasin

Buod ng Mga Epekto ng Proyekto

Tinitingnan ng Draft EIR ang potensyal na mga epekto sa kapaligiran ng iminumungkahing proyekto, kasama ang impormasyong kaugnay sa umiiral na kondisyon ng site, analyses ng mga uri at kahalagahan ng indibidwal at tumataas na mga epekto sa kapaligiran, at mga magagawang hakbang sa pagbawas na mababawasan o maiiwasan ang mga epekto sa kapaligiran. Alinsunod sa Appendix G ng mga Alituntunin ng CEQA ng Estado, ang potensyal na mga epekto sa kapaligiran ng iminumungkahing proyekto ay na-analyze para sa mga sumusunod na bahagi.

- Kalidad ng Hangin
- Enerhiya
- Mapanganib at Mga Mapanganib na Materyales
- Hydrology at Kalidad ng Tubig
- Ingay
- Transportasyon

Ang Table ES-1, na ipinakita sa dulo ng Executive Summary na ito, ay nagbibigay ng buod ng mga epekto sa kapaligiran na maaaring magresulta sa pagpapatupad ng iminumungkahing proyekto at mga magagawang hakbang sa pagbawas na maaaring bawasan o iwasan ang mga epekto. Para sa bawat epekto, tinutukoy ng Table ES-1 ang kahalagahan ng epekto bago ang pagbawas, mga naaangkop na hakbang sa pagbawas, at ang antas ng kalahagahan ng epekto pagkatapos ng pagpapatupad ng mga hakbang sa pagbawas. Gaya ng ipinapakita sa Table ES-1, nalaman ng EIR na ang lahat ng epekto ay mas kaunti kaysa sa malaki, at hindi kailangan ng pagbawas.

Alinsunod sa Mga Alituntunin ng CEQA Seksyon 15063, naghanda ang Distrito ng Inisyal na Pag-aaral na natutukoy ang mga epekto kaugnay sa aesthetics, pang-agrikultura at mga forestry resource, mga biological resource, pangkultura na mga resource, geology at mga lupa, mga greenhouse gas emission, paggamit ng lupa at pagpapalano, mga mineral resource, ingay, polusyon at pabahay, mga pampublikong serbisyo, recreation, mga tribal cultural resource, mga utility at service system, at wildfire na hindi magiging malaki. Natukoy din ang mga epekto kaugnay sa ingay na mahina kaysa sa malakas sa Inisyal na Pag-aaral; gayunpaman, bilang pagtugon sa mga komento ng public scoping, mga isyu kaugnay sa ingay ay natugunan sa Kabanata 3, Environmental Analysis, ng EIR na ito. Tumugon ang dalawang California Native American Tribe sa consultation request ng Distrito at parehong humiling ng tribal monitoring sa mga paghuhukay ng lupa. Bilang resulta ng consultation, bagaman ang site ay ginawa at sinimentuhan dati at limitado ang excavation, isinama ng Distrito ang Project Condition (PC)-TCR-1, na kailangan ang tribal monitoring sa panahon ng excavation na pumapasok sa dati nang semento. Tingnan ang Seksyon 2.8.3 para sa buong paglalarawan ng PC. Tinitiyak na hakbang na ito ang anumang potensyal na mga tribal cultural resource na nakita sa panahon ng paggawa ay tutukuyin at poprotektahan nang naaangkop. Bilang karagdagang, nalaman ng Distrito sa pamamagitan ng Inisyal na Pag-aaral na wala gaanong malaking epekto ang proyekto sa walang epekto sa ilang limitasyon para sa kalidad ng hangin, enerhiya, mga panganib at mga mapanganib na materyales, hydrology at kalidad ng tubig, at transportasyon. Alinsunod sa Mga Alituntunin ng CEQA Seksyon 15128, ang maikling paliwanag na isinasaad ang mga dahilan kung bakit ang mga epektong ito sa resource na ito ay hindi malaki ay ibinigay sa Kabanata 5, Mga Katragdagang Kahihinatnan ng Pagpapatupad ng Proyekto. Ang Abiso ng Paghahanda/Checklist ng Inisyal na Pag-aaral ng Kapaligiran ay kasama sa Appendix A sa EIR na ito.

ES.5 Buod ng Mga Alternatibo ng Proyekto

Ina-analyze ang mga sumusunod na alternatibo nang detalyado sa Kabanata 6, Mga Alternatibo sa Iminumungkahing Proyekto. Ang pangunahing layunin ng analysis ng mga alternatibo ay para isaalang-alang at i-analyze ang makatwirang hanay ng magagawang mga alternatibo sa sapat na detalye para gumawa ng pinaalam na paggawa ng desisyon at paglahok ng publiko sa proseso ng pagsusuri sa kapaligiran. Ibinuod sa ibaba ang mga alternatibo sa iminumungkahing proyekto.

ES.5.1 Alternative 1 – Walang Proyekto

Ang No Project Alternative ay hinihiling ng CEQA para talakayin at i-analyze ang mga potensyal na epekto na mangyayari kung hindi ipinatupad ang iminumungkahing proyekto. Sa ilalim ng No Project Alternative, patuloy na gagamit ang site ng proyekto bilang overflow roll-on/roll-off yard at storage facility ng chassis (paradahan) para sa Pasha Automotive Services. Wala sa mga bahagi ng iminumungkahing proyekto ang gagawin o iapapatupad.

Sa ilalim ng No Project Alternative, ang iminumungkahing paggawa ng ZEV truck charging infrastructure, kasama ang PV canopy, BESS, at mga driver amenity, ay hindi ipapatupad Bilang resulta, hindi gagawa ng bagong charging na palisidad sa o malapit sa mga marine terminal at mga kaugnay na pasilidad, at walang mga operational accommodation tulad ng pag-lease ng ZEV truck o priority charging ang ibibigay.

ES.5.2 Alternative 2 – Walang Interim Generator

Sa ilalim ng alternatibong ito, lalaktawan ng proyekto ang paggamit ng interim diesel generator sa inisyal na operational phase at sa halip ay aasa na lang sa mga hanay ng PV, BESS, at utility grid connection mula sa pagsisimula. Habang ang pamamaraan na ito ay maaaring magresulta sa limitadong kapasidad ng charging sa mga

maagang operation, partikular bago ng grid interconnection at PV/BESS optimization, aalisin nito ang mga short-term na emission kaugnay sa paggamit ng generator. Bagaman ang mga emission mula sa interim generator sa ilalim ng iminumungkahing proyekto ay hindi itinuturing na mahalaga, mas magandang ihanay ang alternatibong ito sa mga layunin sa pagpapanatili ng proyekto at MCAS ng Distrito sa ganay na pag-iwas sa combustion-based energy sources.

ES.5.3 Alternative 3 – Alternatibong Lokasyon

Sa ilalim ng alternatibong ito, ang iminumungkahing proyekto ay matatagpuan sa timog kanluran sulok ng intersection ng 19th St./Tidelands Ave., sa halip na hilagang kanluran sulok ng intersection na ito kung saan kasalukuyang iminumungkahi ang proyekto. Ang kasalukuyang lokasyon ay natukoy kasunod na matagal na taon, transparent process na nagsimula sa pagbibigay ng Distrito ng Request for Information (RFI) noong Mayo 23, 2022 (Appendix H), naghahanap ng imput sa mga isyu kasama ang, ngunit hindi limitado sa, development interest, mga business model, at mga ing, but not limited to, development interest, business models, at gastos at mga timeline para sa paggawa ng public-facing infrastructure para sa mga ZEV truck. Isinama ng RFI ang apat na site na matatagpuan sa Tidelands Avenue at apat na regional na lokasyon sa buong San Diego County kasama ang mga ruta na madalas daanan ng mga truck na nagbibiyaha sa at mula sa mga marine cargo terminal ng Distrito. Tinatanggap din ng RFI na ito ang mga mungkahi para sa paggawa ng mga site na hindi natukoy sa solicitation.

Ang mga on-Tidelands parcel na inisyal na isinaalang-alang para sa proyektao kasama ang:

- Tenth Avenue Marine Terminal (TAMT) Dirt Lot (San Diego)
- Pepper Oil (National City)
- 19th Street at Tidelands Avenue, Northwest (National City)
- 19th Street at Tidelands Avenue, Southwest (National City)

Ang solicitation process, na humantong sa iminumungkahing proyekto sa hilagang kanluran sulok ng 19th Street and Tidelands Avenue intersection, kasama rin ang maraming pampublikong pagpupulong ng BPC, mga pagpupulong ng stakeholder, at ibinigay ang Kahilingan para sa Mga Mungkahi noong Abril 24, 2023. Ipinakita ng prosesong ito ang mga limitadong oportunidad para sa mga industrial project sa Port Tidelands na itinuturing na limitadong lugar na itinalaga para sa paggamit ng lupa na pang-industriya at ang mga limitadong parcel na available at hindi sa ilalim ng pangmatagalang mga kasunduaan ng real estate. Ang lokasyon ng iminumungkahing proyekto at ang lokasyon na sinuri sa pagsusuri ng Alternatibong Lokasyon na ito sa timog-kanluran na kanto ng 19th Street at Tidelands Avenue intersection ay ang dalawang lokasyon na umusad nang pinakamalayo sa proseso ng solicitation at natugunan ang karamihan o lahat ng pamantayan sa pagiging angkop ng site.

Kung walang natukoy na malaking epekto mula sa iminumungkahing proyekto, at ang Alternatibong Lokasyon ay matatagpuan malapit sa lokasyon ng iminumungkahing lokasyon sa National City at hindi babawasan ang dami ng anumang epekto na natukoy para sa iminumungkahing proyekto, hindi nagbibigay ng mga benepisyo ang Alternatibong Lokasyon, o binabawasan ang mga epekto mula sa iminumungkahing proyekto.

ES.6 Alternatibo na May Pinaka-kaunting Epekto sa Kapaligiran

Hinihiling ng Seksyon 15126.6(e)(2), ng Mga Alituntunin ng CEQA ang pagtukoy ng alternatibo na may pinaka-kaunting epekto sa kapaligiran sa mga alternatibo na sinuri sa isang EIR. Hinihiling din ng mga alituntunin na kung matutukoy ang Walang Alternatibong Proyekto bilang ang alternatibo na may pinaka-kaunting epekto sa kapaligiran, kung gayon, dapat tumukoy ng isa pang alternatibo na may pinaka-kaunting epekto sa kapaligiran sa iba pang mga alternatibo.

Gaya ng tinalakay sa Seksyon 6.5.4, na Alternatibo na May Pinaka-kaunting Epekto sa Kapaligiran, ang Walang Pansamantalang Alternatibong Generator (Pangalawang Alternatibo) ay itinuturing na alternatibo na may pinaka-kaunting epekto sa kapaligiran, at ang kabuuang epekto sa mga mapagkukunan sa kapaligiran ay mababawasan kumpara sa mga epekto ng iminumungkahing proyekto. Aalisin ng pangalawang alternatibo ang pansamantalang paggamit ng diesel na generator sa inisyal na yugto ng pag-operate, na makakabawas sa mga epekto na may kaugnayan sa kalidad ng hangin, enerhiya, mga panganib at mapanganib na mga materyal, at ingay. Matutugunan ng pangalawang alternatibo ang mga layunin ng proyekto (tingnan ang Table 6-3, Buod na Paghahambing ng Epekto ng Iminumungkahing Proyekto at Mga Alternatibo) at magreresulta sa bahagyang paghusay sa pagkamit ng mga layunin na may kaugnayan sa pagbawas ng mga emisyon at paggawa ng kuryente na walang carbon (Layunin Bilang 1, 3, 5, 8, at 11) sa pamamagitan ng pag-iwas sa paggamit ng mapagkukunan ng enerhiya na batay sa combustion sa mga unang bahagi ng pagpapatakbo nito. Ang magiging posibleng eksepsyon sa pagtugon sa mga layunin ay ang Layunin 12 ng Proyekto, na umaasa sa kakayahan ng grid sa oras ng pagbubukas ng proyekto kung maaaring maghatid ng sapat na enerhiya para sa 70 stall.

Table ES-1. Buod ng Mga Epekto ng Proyekto

Paksa na Pangkapaligiran	Epekto	Mga Hakbang sa Pagbawas	Antas ng Epekto Pagkatapos ng Pagbawas
Kalidad ng Hangin			
Magresulta ba ang proyekto sa lumalaking kabuuang pagdami ng anumang criteria pollutant (mga karaniwang nagpaparumi sa hangin) na hindi nakakatugon sa mga pamantayan sa ilalim ng naaangkop na pamantayan ng pederal at estado sa ambient air (kalidad ng hangin sa paligid)?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Ilalantad ba ng proyekto ang mga sensitibong receptor sa malaking mga konsentrasyon ng pollutant?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Magkakaroon ba ang proyekto ng maiipong epekto sa mga mapagkukunan para sa kalidad ng hangin?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Enerhiya			
Magresulta ba ang proyekto sa posibleng malaking epekto sa kapaligiran dahil sa aksayado, hindi mahusay, o hindi kinakailangang paggamit ng mga mapagkukunan ng enerhiya, sa paggawa o pagpapatakbo ng proyekto?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Magkakaroon ba ang proyekto ng maiipong epekto sa mga mapagkukunan ng enerhiya?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Mga Panganib at Mapanganib na Mga Materyal			
Gagawa ba ang proyekto ng malaking panganib sa publiko o kapaligiran sa pamamagitan karaniwang paghahatid, paggamit, o pagtatapon ng mapanganib na mga materyal?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Gagawa ba ang proyekto ng malaking panganib sa publiko sa kapaligiran sa pamamagitan ng makatwirang inaasahang pinsala o panganib at mga hindi sinasadyang kondisyon na kinabibilangan ng paglalabas ng mapanganib na mga materyal sa kapaligiran?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Matatagpuan ba ang proyekto sa isang site na kasama sa listahan ng mga site ng mapanganib na mga materyal na naka-compile alinsunod sa Seksyon 65962.5 ng Kodigo ng	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki

Table ES-1. Buod ng Mga Epekto ng Proyekto

Paksa na Pangkapaligiran	Epekto	Mga Hakbang sa Pagbawas	Antas ng Epekto Pagkatapos ng Pagbawas
Gobyerno at, bilang resulta, gagawa ba ito ng malaking panganib sa publiko o kapaligiran?			
Magkakaroon ba ang proyekto ng maiipong epekto sa mga panganib o mapanganib na mga materyal?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Hydrology at Kalidad ng Tubig			
Lalabag ba ang proyekto sa anumang mga pamantayan sa kalidad ng tubig o mga kinakailangan sa pag-discharge ng tubig o dili kaya'y lubhang sisirain ang kalidad ng tubig sa ibabaw o ilalim ng lupa?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Sasalungat ba o makakahadlang ang proyekto sa pagpapatupad ng plano sa pagkontrol ng kalidad ng tubig o napapanatiling plano sa pamamahala ng tubig sa ilalim ng lupa?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Magkakaroon ba ang proyekto ng maiipong epekto sa hydrology o mga mapagkukunan para sa kalidad ng tubig?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Ingay			
Magreresulta ba ang proyekto sa paggawa ng malaking pansamantala o permanenteng pagtaas sa mga antas ng ingay sa paligid sa lugar ng proyekto na lampas sa mga pamantayang itinatag sa lokal na pangkalahatang plano o ordinansa sa ingay, o naaangkop na mga pamantayan ng iba pang mga ahensiya?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Magreresulta ba ang proyekto sa paggawa ng labis na pagyanig (vibration) sa lupa o mga antas ng ingay sa lupa?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Magkakaroon ba ang proyekto ng maiipong epekto sa ingay?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Transportasyon			
Sasalungat ba ang proyekto sa programa, plano, ordinansa, o patakaran na tumutugon sa sistema ng sirkulasyon, kasama ang transportasyon, kalsada, bisikleta, at mga pasilidad para sa mga tao?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki

Table ES-1. Buod ng Mga Epekto ng Proyekto

Paksa na Pangkapaligiran	Epekto	Mga Hakbang sa Pagbawas	Antas ng Epekto Pagkatapos ng Pagbawas
Daragdagan ba nang malaki ng proyekto ang mga panganib dahil sa geometric na feature ng disenyo (halimbawa: matulis na kurbada o mapanganib na mga intersection) o hindi nababagay na mga paggamit (halimbawa: kagamitan sa bukid)?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Magreresulta ba ang proyekto sa hindi sapat na access para sa emergency?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Magreresulta ba ang proyekto sa hindi sapat na supply ng paradhan na hahantong sa nabawang pampublikong access sa baybayin?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki
Magkakaroon ba ng maiipong epekto ang proyekto sa mga mapagkukunan ng transportasyon?	Hindi gaanong malaki	Walang kailangan.	Hindi gaanong malaki

SADYANG INIWANG BLANGKO